**Mga Madalas Itanong: Nonresponse Follow-up**

**Ano ang Census Nonresponse Follow-up (NRFU, o "ner-fu")?**

- Hanggang ngayon, kinukumpleto ng mga tao ang census online, sa pamamagitan ng mail o ng telepono.
- Ang Non-reponse follow-up (NRFU) ay kapag pumunta ang mga magse-census sa lahat ng tahanan na hindi pa nag kumpleto ng census.

**Kailan magsisimula at matatapos ang Nonresponse Follow-up?**

- Magsisimula ang Nonresponse Follow-up ng kasing aga ng Agosto 6 sa New York City.
- Magsisimula ang karamihan ng operasyon sa Agosto 11, 2020.
- Kasalukuyang matatapos ang operasyon sa Setyembre 30.

**Bakit huli na nagsimula ang NRFU ngayong taon na ito?**

- Dahil sa COVID-19, naantala ang proseso ng US Census Bureau. Nalipat ang pagsisimula ng NRFU mula sa kalagitnaan ng Mayo sa kalagitnaan ng Agosto.
- Pinalawig din ang panahon ng pagtatapos kung saan maaari ka pa ring sumagot online, sa pamamagitan ng telepono o mail mula Hulyo 31 hanggang Setyembre 30, 2020.

**Maaari ko pa rin bang sagutan ang census kahit na nagsimula na ang NRFU?**

- Oo, maaari ka pa ring sumagot sa census online sa panahon ng NRFU sa My2020Census.gov, sa pamamagitan ng telepono sa 1-844-330-2020 o sa mail.
- Sa katunayan, dapat kusang sumagot NA NGAYON ang lahat ng New Yorker.

**Paano kung ayaw kong may pumuntang magse-census sa aking tahanan?**

- Kung ayaw mong may pumuntang magse-census sa iyong tahanan, dapat mong tapusin ang census online sa pamamagitan ng telepono o mail bago lumipas ang Agosto 11.
- Kung natapos at nakumpleto mo ito ng wasto, maaaring walang pumunta sa iyong tahanan sa panahon ng NRFU.

**Dahil sa COVID 19, paano kung mayroong akong mga alalahanin hinggil sa personal na pakikipag-usap sa isang tao?**

- Kung ayaw mong isagawa ang interview ng personal, maaari mong ibigay sa magse-census ang iyong numero ng telepono para tapusin ito sa telepono.
- Kumpidensiyal at protektado ng pederal na batas ang lahat ng sagot sa census.
- Hindi maaaring ibahagi ng magse-census at Census Bureau ang iyong mga sagot sa sinuman – sa imigrasyon; sa pulisya; sa iyong landlord; kahit na sa Lungsod ng New York.

**Paano masisiguro ng mga magse-census na hindi nila inilalagay sa panganib ng COVID-19 ang mga komunidad?**

- Kailangang gawin ng lahat ng magse-census ang pagsasanay sa pagdistansya sa kapwa at iba pang protokol sa kalusugan at kaligtasan bago simulan ang kanilang trabaho sa mga kapitbahayan. Partikular na sasanayin ang mga magse-census na:
  - Laging magsuot ng mask
  - Huwag na huwag papasok sa iyong bahay
  - Dumistansya nang 6 na talampakan ang layo kapag isinasagawa ang mga interview
  - Sundin ang mabubuting kagawian sa kalinisin, tulad ng madalas na paghuhugas ng kamay
  - Bibigyan silang lahat ng hand sanitizer

- Mananatili sila sa bahay kung masama ang kanilang pakiramdam

**Paano kung hindi nakakapagsalita ang magse-census ng aking wika?**

- Kung hindi nakakapagsalita ang magse-census ng iyong wika, maaari kang humiling ng isa pang pagbisita mula sa isang magse-census na nakapagsasalita ng iyong wika.
- Mayroong mga materyales rin ang mga magse-census na makakatulong sa kanya na matukoy ang iyong wika.
  - Halimbawa, magagawa mong ituro sa card kung aling wika ang iyong sinasalita para sabihin ito sa magse-census.
- Mayroong mga gabay sa wika at video online sa 59 na wikang hindi Ingles, kasama na ang American Sign Language at braille at large print, para matulungan kang tapusin ang 2020 Census. https://2020census.gov/en/languages.html
- Mayroong tauhan ang mga center ng Census Questionnaire Assistance na maaaring makatulong sa 13 wika. https://2020census.gov/en/contact-us.html

**Paano ko matutukoy ang isang manggagawa ng U.S. Census Bureau?**

- Kapag may pumuntang magse-census sa iyong bahay, tiyakin na suriin muna kung mayroon silang totoong ID badge na may kanyang litrato, tanda ng U.S. Department of Commerce, at petsa ng pagka-paso o pag-expire.
- Maaari ka ring tumawag sa 212-882-7100 para makausap ang isang kinatawan ng Census Bureau at matukoy ang taong nasa iyong pintuan.
- Mababawasan mo ang posibilidad na pumunta ang isang magse-census sa iyong bahay kung iyong sasagutan at tatapusin ng tama ang census.
- Sundan ang mga link na ito para matuto pa tungkol sa mga magse-census at kung paano sila matutukoy.

**May mga partikular na tanong ba na hindi dapat itanong ng mga magse-census?**

- **Hindi kailanman itatanong/hihilingin ng mga magse-census ang tungkol sa:**
  - Katayuan sa imigrasyon o tanong tungkol sa pagka-mamamayan
  - Iyong Lisensya sa Pagmamaneho o State ID
  - Iyong Numero ng Social Security o ITIN
  - Iyong account sa bangko o mga numero ng credit card
  - Anumang bagay sa ngalan ng partido sa pulitika
  - Pera o mga donasyon
- Kung sa palagay mo na may isang taong kumausap sa iyo at hindi ito isang tunay na magse-census, mangyaring iulat ito sa Hotline ng Tanggapan ng New Americans (Office of New Americans) na nakapagsasalita ng iba't ibang wika sa 1-800-566-7636.

**Ligtas bang makipag-usap sa magse-census kahit na hindi ako dokumentado?**

- Walang problema. Hindi nagtatanong ang census tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon o anumang tanong tungkol sa pagka-mamamayan.
- Hindi maaaring ibahagi ang iyong mga sagot sa mga awtoridad ng imigrasyon, pulis, o sa anumang ahensya sa pagpapatupad ng batas.

**Paano ko malalaman na pananatilihing ligtas ng magse-census ang aking impormasyon?**

- Pananatilihing ligtas ng mga magse-census ang iyong impormasyon.
- Iniaatas ng batas sa mga empleyado ng Census Bureau na panatilihing kumpidensiyal ang iyong impormasyon sa ilalim ng pederal na batas.
- Kung lalabag sila sa Titulo 13, mahaharap sila sa hanggang 5 taong pagka-bilanggo at multa na hanggang $250,000.

**Saan magmumula ang mga magse-census?**

- Mga New Yorker ang mga magse-census. Kinuha sila mula sa mga lokal na komunidad at karaniwang nagtratrabaho sa mga komunidad na iyon kung saan sila naninirahan. Maaaring ilang layo lang mula sa iyong bahay ang iyong magse-census o maaaring kapitbahay mo pa nga.

**Paano ko malalaman kung mayroong pumuntang magse-census sa aking bahay kung nasa malayo ako o nasa trabaho?**

- Kung walang tao sa iyong bahay nang pumunta ang magse-census, mag-iiwan sya ng note o sulat tungkol sa kanyang pagpunta. Naglalaman ang note na iyon kung paano sumagot online, sa pamamagitan ng telepono o mail.
- Maaari kang tumawag sa 212-882-7100 para alamin at masigurado ang tunay na katayuan sa trabaho ng magse-census.

**Anong mangyayari kung hindi ko lahat nasagutan ang mga tanong sa census o may nalaktawang ilang tanong sa kabuuan? Magkakaroon ba ng parang follow-up mula sa iba pang magse-census?**

- Dapat pilitin ng buong sambahayan na tapusin ang kabuuang mga katanungan. Pero kung hindi mo alam ang sagot o gustong mong laktawan ang ilang tanong, itutuloy ng magse-census ang interview.
- Talagang kinakailangan ang ilang bagay: ang iyong address, pangalan, at bilang ng mga tao sa iyong sambahayan.
- May minimum na bilang ng tanong na dapat sagutan para maituring na “kumpleto” ang form.
- Kung marami ang iyong nasagutan na tanong, mas malamang na walang pumunta sa iyong tahanan.
- Maaaring laktawan ang kasarian.
- Mangongolekta ang magse-census ng impormasyon para sa lahat ng taong nakatira sa isang unit ng bahay. Hihilingin nila sa iyo na iulat ang lahat ng taong nakatira sa iyong sambahayan, kahit na hindi mo kamag-anak.
- Dapat mong ibigay ang impormasyon para sa lahat ng taong nakatira sa sambahayan. Kung hindi ka makakapagbigay ng impormasyon tungkol sa isa pang pamilya na nakatira sa iyong tahanan, ang isang pamilyang iyon ay kailangan pa ring sumagot sa online, sa pamamagitan ng telepono o mail.

**Maaari bang magsilbing translator ang aking anak (wala pang 18 taong gulang) kung hindi nakakapagsasalita ng aking wika ang magse-census? O may babalik bang isa pang magse-census sa address na iyon para kunin ang aking mga sagot?**

- Oo, maaaring maging translator ng magulang ang kanilang anak. Kung walang makakatulong na isalin ang wika at may hadlang sa wika, ililipat ng magse-census ang kaso sa isa pang magsei-census na nakapagsasalita ng wika.

**Para sa mga taong inilipat sa labas ng NYC dahil sa COVID-19, at hindi address sa NYC ang inilagay na pangunahing tahanan sa kanilang listahan ng census, paano nila mababago ang kanilang mga sagot at para mailista na talagang sa NYC sila nakatira?**

- Hindi mo na mababago ang sagot sa census na iyong naipadala na. Kung nagkumpleto ka ng census sa ibang lokasyon, kailangan mong kumpletuhin ulit ang Census para sa sambahayan na karaniwang mas madalas mong inuuwian (mula Abril 1, 2020).
- Maaaring magsumite ang mga tao ng maraming tugon. Mayroong proseso ang Census Bureau na tumitiyak na hindi ka dalawang beses na mabibilang.

- Kinakailangan pa rin ng Census Bureau ang nakumpletong sagot para sa dalawang unit ng bahay. Kasama rito ang mga bihirang uwian na bahay na walang tao sa kasalukuyan. Mayroong flyer ang Census Bureau na nagpapaliwanag sa prosesong ito ng mas detalyado.

**Ilang beses pupunta ang magse-census sa aking tahanan? Gaano kadalas sila pupunta?**

- Kung mas malamang na wala ka sa tahanan, susubukan kang balikan ng magse-census nang ilang beses. Kailangan nilang makuha ang sagot sa bawat unit ng bahay.
- Matapos makumpleto ng isang sambahayan ang census, maaaring mayroong karagdagang pagbisita para matiyak na mayroon sila ng lahat ng datos na kailangan.
- Posibleng gawin ang mga pagpunta sa gabi at Sabado't Linggo.

**Anong mangyayari kung hindi ako tumutugon sa anumang solicitation ng mga magse-census? Makukuha pa rin ba ng census bureau ang aking impormasyon?**

- Maaaring makuha ng mga magse-census ang impormasyon mula sa ibang tao (tulad ng iyong mga kapitbahay), pero panghuling paraan na nila ito at karaniwang hindi ito gaanong wasto.
    - Tinatayang 15 porsiyento ng populasyon ang "kulang" sa panahon ng prosesong ito, na tinatawag na imputation. Ibig sabihin, maaaring hindi makuha ng kapitbahayan ang pagpopondo na karapat-dapat para sa iyong lolo o anak kapag hindi nakumpleto nang tama ang census. Tandaan na ang census ang tumitiyak sa $1.5 trilyong dolyar sa pederal na pagpopondo para sa mga eskwelahan, ospital, at mga center para sa senior.
- Bukod pa rito, maaaring kailanganing gamitin ng Census Bureau ang iba pang kasalukuyang rekord ng gobyerno para sa mga sambahayan na hindi sumagot sa census.

**Maaari ko bang kausapin ang magse-census sa aking pintuan?**

- Puwede mong gawin ito, pero mainam na buksan ng kaunti ang pinto para hindi masyadong malakas ang iyong boses sa pagbabahagi ng iyong impormasyon. Mayroong ID ng Census ang mga magse-census at nakasuot ng mask.
- Maaari mo ring hilingin na gawin ang interview sa ibang lokasyon, pati na sa labas ng bahay.
- Bilang paalala, maaari mo ring tapusin ang iyong form ng census sa online o telepono.

**Makikipag-ugnayan ba ang magse-census sa aking property manager bago pumunta?**

- Kapag posible, makikipag-ugnayan ang magse-census sa mga property managers bago o habang ginagawa nila ang mga interview. Ito ay upang matiyak na mapupuntahan nila ang bawat sambahayan.

**Marami bang magse-census ang ipapadala sa isang gusali?**

- Oo.

**Paano malalaman ng aking doorman kung mga magse-census ang pinapapasok?**

- May suot na balidong ID ng Census ang lahat ng empleyado ng Census.

**Paano ang mga basement apartment? Paano malalaman ng mga magse-census ang pupuntahan, lalo na ang mga di-legal na subdivided unit?**

- Sinanay ang mga magse-census na hanapin ang lahat ng posibleng unit ng bahay sa bawat address. Hindi mahalaga kung legal o hindi ang isang apartment, sino ang umuupa, o iba pang bagay -- ang mahalaga lang ay kung doon nakatira ang mga tao.

**Susundin ba ng mga magse-census ang mga patakaran ng gusali? Maaaring iatas ng aking gusali sa mga magse-census na sa lobby o sa isang common area sila makipagkita sa mga tao, at maaaring hindi payagan ang mga magse-census na malayang mag-ikot sa buong gusali.**

- Susundin ng mga magse-census ang alituntunin sa kalusugan ng estado at lokal. Laging nakasuot ng mask ang mga magse-census. Gagawin niya ang kanyang makakaya na sundin ang mga ibinigay na patakaran ng gusali.

**Paanong paghahanda ang ginagawa ng NYCHA sa mga magse-census? Anong ibinibigay na gabay ng NYCHA sa mga managers ng property, kasera, at tenant?**

- Sinisiguro ng NYCHA na mayroong impormasyon ang lahat ng tao na kinakailangan nila para makipagtulungan sa 2020 Census. Ipinapaalam sa mga property managers, kasera, at tenant ang timeline para sa NRFU, ang kailangan nilang malaman, kung paano sinisiguro ng Census Bureau ang kaligtasan sa panahon ng COVID-19, at kung paano iwasan ang mga scam.
- Mula pa noong Fall ng 2019, sinimulan nang bigyang-kaalaman ng NYCHA ang mga tenants kung paano tapusin ang census online o sa telepono sa pamamagitan ng teach-ins, pagpapadala ng mail sa lahat ng sambahayan, mga newsletter, social media, at pakikipag-ugnayan sa mga kasera. Patuloy na inihihikayat ng NYCHA ang online na pagkumpleto bilang pinakaligtas na paraan sa paglahok sa 2020 Census dahil sa pandemyang COVID-19.

**Makakapagbigay ba kayo ng litrato sa kung anong itsura ng badge ng magse-census para sa mga layunin ng pagbibigay-kaalaman?**

- Hindi maibabahagi ng Census Bureau sa labas ng mga grupo ang ganitong uri ng larawan dahil sa mga alalahanin sa seguridad.
- Gayunpaman, mayroong dalang ID ang magse-census na may kanyang pangalan, litrato, tanda ng Department of Commerce, at petsa ng pag-expire.
- Maaari ka ring tumawag sa 212-882-7100 para suriin kung isa siyang opisyal na magsi-census.

**Anong numero ng telepono ang dapat tawagan ng mga New Yorker para beripikahin na talagang isang magse-census ang kumakatok sa pintuan?**

- Una, tingnan at suriin kung suot nila ang kanilang balidong ID ng Census. At saka tumawag sa 212-882-7100 para suriin kung isa siyang opisyal na magse-census.

**Mabibilang ba ang mga taong nakararanas ng kawalan ng tahanan na nakatira sa labas ng shelter? Masisimulan ba ito sa Setyembre 22 ayon sa factsheet na ito?**

- Mayroong natatanging operasyon ang Census Bureau para rito. Magsisimula ito mula Setyembre 22 hanggang Setyembre 24.

**Mabibilang ba ang mga tugon na nakolekta ng magse-census sa “self-response” rate ng NYC kahit na mayroong magse-census?**

- Ang mga tugon na nakolekta ng mga magse-census ay ibibilang sa bilang ng populasyon ng NYC, pero hindi mabibilang sa self-reponse rate.

**Makakapagbigay ba kayo ng kopya ng mga note na iiwanan ng mga magse-census, kung sakaling walang tao sa sambahayan?**

- Pakitingnan ang sampol ng Paunawa ng Pagbisita dito

**Mula ba sa New York City ang karamihan ng magse-census?**

- Oo, karamihan ng mga magse-census ay nagtatrabaho at nakatira sa NYC.